Abril 2011

NOT FOR SALE

VALENZUELA Ngayon

Taon 6 Blg 2

VALENZUELA, MAY DISIPLINA!

1,001 tuwa sa Dreamland ng mga bata



p.8

## Disiplina Village

# Bagong bahay, bagong buhay

Sa isang mas maayos at mas matibay na bahay makakapagsimulang muli ang may 46 family-beneficiaries sa itinatayong Disiplina Village sa Brgy. Ugong matapos silang salantain ng nagdaang Bagyong Ondoy noong 2009.

Matitirahan na ng unang batch na mga residente ang kanilang bagong tahanan simula Abril 2 kasabay ng pagpapasinaya at paghahandog ng Certificate of Occupancy sa okasyon ng kaarawan ni City Mayor Sherwin Gatchalian.

Ayon kay Valenzuela City Human Resettlement Officer (HRO) Elenita Reyes, ang Disiplina Village resettlement site ay proyekto ng pamahalaang lokal na naisakatuparan sa tulong ng pribadong sektor.

Aniya, malaki ang naiambag dito na tulong mula sa mga lokal na negosyo at industriya sa pakikipagugnayan ng Dakilang Handog Foundation.

Ang resettlement site na ito ay may laking 1.9 ektarya at pagtatayuan ng 56 na gusali. Bawat gusali ay may 16 units sa dalawang palapag. Tinatayang may 900 pamilyang nawalan ng tirahan noong umapaw ang Tullahan River dala ng bagyo ang makakapamuhay rito ng mas ligtas.

Magkakaroon sila ng sariling covered court at mga

Disiplina Village, pahina 2



*Ang mga unang gusaling pabahay sa Disiplina Village na pinagtulungang gawin ng lokal na pamahalaan at pribadong sektor. Nasa foreground (inset), ang ilan sa mga residente habang idinaraos ang values formation seminar kasama ang Gawad Kalinga at HRO.*

## Bahay rehab tutulong vs droga

Malapit nang buksan ang isang pasilidad sa Valenzuela na tutulong ituwid ang daan ng mga kabataang biktima ng pag-abuso sa mga ipinagbabawal na gamot.

Ang Teen Challenge Valenzuela ay proyektong itinayo sa pakikipagtulungan ng pamahalaang lungsod at ng Teen Challenge International (TCI), isang pribadong organisasyon na nakabase sa Amerika matapos pirmahan ang isang kasunduan sa pagitan ng Valenzuela City Government at TCI noong nakaraang taon.

Layon nitong magsilbing rehabilitation center para sa mga delinkwenteng kabataang at magkatuwang na pamumunuan ng Valenzuela City Anti-Drug Council (VADAC) at TCI.

Ayon kay VADAC Action Officer Kon. Tony Espiritu, nakasaad sa kasunduan na sagot ng lokal na pamahalaan ang mga pasilidad, buwanang gastusin, security guards, medical volunteers at mga social workers samantalang ang sahod ng mga kawani, mga kagamitan, manwal na operasyon at pagkain ay pagtutulungan ng dalawang institusyon.

Kamakailan lamang, personal na inispeksyon ng pamunuan ng TCI sa pangunguna ni Dir. Rev. Jerry Nance ang may dalawang palapag na gusali sa dating Material Recovery Facility (MRF) sa Brgy. Marulas. Mayroon itong walong kwarto at iba pang pasilidad upang makatulong sa recovery period ng mga kliyente nito.

Ang TCI ay kasalukuyang nangangasiwa ng higit sa 1,200 rehabilitation centers sa 83 bansa sa mundo. Inaasahang malaking tulong ang kauna-unahang Teen Challenge center sa bansa para paigtingin ang drug prevention programs sa lungsod.



## Disiplina at bayanihan bubuhay sa Ilog Tullahan

Nagsanib pwersa ang iba't ibang tanggapan ng pamahalaan at pribadong sektor upang mabigyang diin ang kahalagahan ng pagsagip sa mga daang tubig ng Kalakhang Maynila, partikular na ang Tullahan River.

Sa pamamagitan ng "Linis Estero/Ilog" program ng Dept. of Environment and Natural Resources (DENR), naging malaking bagay ang suportang inilaan ng Metro North Tollways Corp. (MNTC) at San Miguel Foundation (SMF) para umusad ang proyekto.


Ayon kay DENR Sec. Ramon Paje nang lagdaan ang naturang kasunduan sa San Miguel Polo Brewery sa Valenzuela City, "Hindi mapanunumbalik mag-isa ng pamahalaan ang dating estado ng katubigan sa Metro Manila." Aniya kung nais nating makamit ang layuning ito, "Mahalagang makipagtulungan ang pribadong sektor, ng mga pamahalaang lokal at ng mga mamamayan para mabawasan ang maraming burak, basura at iba pang nakapagpaparumi ng ating katubigan."

Si SMF Chairman Ramon Santiago ang kumatawan sa San Miguel na may plantang nakatayo sa tabi mismo ng ilog. Ang Tullahan River ay may kabuuang haba ng 15 kilometro at lumalagos sa hilagang bahagi ng Kamaynilaan palabas ng Manila Bay. Idineklara itong "biologically dead" ng DENR, ibig sabihin, hindi ito kayang tirahan ng mga isda.

Sa hiwalay na seremonya sa Quezon City, naging katuwang rin ng programa ang Manila North Tollways Corp. (MNTC) sa pangunguna ng presidente nito na si Rodrigo Franco. Ang MNTC ang siyang nagdevelop at nagmementine ng North Luzon Expressway na dumaraan sa lungsod. Kasabay nito ang pag-ayuda nina Valenzuela City Mayor Sherwin Gatchalian at Quezon City Mayor Herbert Bautista para higit na mapag-ibayo ang proyekto.

Nanawagan si Mayor WIN sa publiko, lalo na sa mga naninirahan malapit sa lugar, "Kinakailangang magkaroon tayo ng disiplina at magkaroon ng tamang paraan sa pagtatapon ng ating basura."

Sa kaugnay na ulat, kanya nang inatasan kamakailan ang pagbuo ng "Bantay Ilog," isang brigada ng mga mamamayan na magmamanman sa kapaligiran ng Tullahan at iba pang daang tubig sa lungsod.



*(L-R) City Mayor Sherwin Gatchalian, DENR Sec. Ramon Paje at Quezon City Mayor Herbert Bautista*

# PhilHealth beneficiaries nadagdagan

TUMAAS SA 11,334 ANG KABUUANG BILANG ng mga kwalipikadong PhilHealth beneficiaries sa buong lungsod na subsidized ng pamahalaang lokal at ng tanggapan ni First District Rep. Rex Gatchalian para sa taong ito.

Ayon kay Special Projects Office (SPO) head Dorothy Evangelista, mayroong 3,000 ang dumagdag dito kumpara sa nagdaang taon upang mas mapalawig pa ng pamahalaan ang health care assistance at hospitalization benefits para sa mga mahihirap.

Dagdag pa ni Evangelista, madaragdagan pa ang bilang na ito sapagkat patuloy ang pagproseso ng mga aplikante sa Philippine Health Insurance Corp. ang ahensyang pag-aari ng gobyerno na nangangasiwa ng national health insurance program para sa lahat ng Pilipino alinsunod sa Republic Act no. 7875.

Linggu-linggo, personal naman na iniaabot nina City Mayor Sherwin Gatchalian at First District Rep. REX Gatchalian ang PhilHealth cards sa bawat beneficiary sa bawat barangay mula noong Enero 29.

Pagkakataon na rin ito ng mga lingkod bayan na makipag-ugnayan sa taumbayan at marinig ang kanilang mga hinaing at pananaw sa lungsod.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa programang PhilHealth ng lungsod, maaaring makipag-ugnayan kay Jobelle Serrano ng SPO sa telepono bilang 352-1000 local 1215.



Nakangiting tinanggap ng isang lola ang Philhealth card para sa kanyang pamilya sa Brgy. Gen. T. de Leon mula kay Mayor Sherwin Gatchalian

# Early childhood care tinutukan



Abala ang mga mag-aaral sa isang daycare center sa GK Marcelo Village, Brgy. Dalandanan. Nagsisilbing tahanan ng daycare center ang Rotary Sibol bldg na napatayo ng Rotary Club of Valenzuela bilang tulong sa ECCD program ng lungsod.

INILUNSAD NG PAMAHALAANG LOKAL ang Early Childhood Care and Development Program sa may 10 pamayanan sa walong barangay ng Valenzuela naglalayong gabayan ang mga magulang sa pagpapalaki ng kanilang mga anak na bagong silang hanggang anim na taong gulang. May kabuuang 200 pamilya ang naunang binigyan ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO) ng mga modules na magtuturo sa kanila ng tamang pag-aalaga at pagpapalaki ng kanilang mga sanggol.

Dagdag pa ni Edwina Fernando, Program Coordinator, na may mga ECCD social worker ang nagbabahay-bahay sa mga naturang pamayanan para magbigay ng karagdagang kaalaman sa childhood care at ma-monitor ang takbo ng programa sa tulong ng City Health Department.

Naniniwala ang pamunuan ng lungsod na susi sa maunlad na pamayanan ang malulusog na batang laki sa responsableng mga magulang.

# Lila ang kulay ng Marso sa Valenzuela

ISANG SINGLE PARENT SI MARY Anne Calido, 36, ng Brgy. Coloong. Paglalaba at pag-iigib ng tubig ang ikinabubuhay ng kanyang pamilya. Mayroon siyang dalawang anak na nasa kanyang pangangalaga matapos silang maghiwalay ng kanyang asawa. Bagamat hirap sa buhay, patuloy syang nakikipaglaban para sa kanyang pamilya.

Si Mary Anne ay isa lamang sa may 600 kababaihan sa lungsod na nakibahagi sa nakaraang pag-uusap ukol sa mga isyung kinahaharap nila sa bagong tayong Social Hall ng Valenzuela City Government Complex sa pagbubukas ng taunang Women's Month celebration.

Kasama rin sa mga dumalo ang mga Barangay Health Worker (BHWs) ng lungsod upang matulungan silang mapagbuti pa ang kanilang tungkulin.

Layon ng pag-uusap na maunawaan ang kahalagahan ng kanilang karapatang pantao at matalakay ang mga suliraning nakakaapekto sa kanilang pamumuhay. Ayon kay Kon. Cora Cortez, tagapangasiwa ng selebrasyon sa lungsod, "Ang mga capacity-building initiatives na ito ay isang kontribusyon ng gobyerno sa Millennium Development Goal (MDGs) ng United Nations para sa gender equality at empowering women."

Kabilang sa mga batas na hinimay ay ang Solo Parents Act of 2000, Magna Carta of Persons with Disability (PWD) at Magna Carta of Women.

Nakiisa sa nasabing pagtitipon si Gabriela Party-list Rep. Emmi de Jesus at nanawagang suportahan ang Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women (CEDAW), na kinikilala ng Pilipinas bilang Human Rights Treaty noong 1981.

Pinagtuunan naman ni National Council on Disability Affairs (NCDA) Regional Coordinator Flerida Labanon ang diskusyon sa karapatang pantao ng PWDs. Kasama rin sina Daisy Eslaban ng Department of Interior and Local Government (DILG)-Valenzuela City, Atty. Aura Rizza Gabriel ng City Legal Office at Linda Santiago ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO) sa open forum.

Bukod dito, nagdaos din ng job fair, livelihood seminar, medical mission sa pakikipagtulungan ng Mercury Drug, mga libreng medical screening at libreng gupit para sa mga kababaihan.

# Mga barangay pinaghahanda sa mga sakuna

INATASAN NI CITY MAYOR Sherwin Gatchalian ang bawat barangay sa lungsod na bumuo ng kani-kanilang rescue team na tutugon sa panahon ng sakuna at kalamidad.

Ang direktiba ay inilabas sa pagpupulong kamakailan ng Local Disaster Coordina-ting Council (LDCC) na kanya ring pinangu-ngunahan upang palakasin pa ang kapasidad ng lokal na pamahalaan na humarap sa mga banta sa buhay at ari-arian.

Aniya, kailangang may sariling rescue team ang 32 mga barangay na binubuo ng hindi bababa sa limang katao depende sa laki ng nasasakupan.

Kaugnay nito, isang komperensiya ang nilahukan ng mga punong barangay at mga opisyales noong Enero sa City Hall Complex upang makakuha ng kaukulang impormasyon ng gagabay sa pagrerebisa at pagpapatupad ng kanilang Disaster Risk Reduction and Management Policy.

Ang dalawang araw na komperensiya ay pinangunahan ni Office of Civil Defense Regional Director Susana Cruz. Kasama rin niya ang mga lecturer at kinatawan mula sa Bureau of Fire Protection-NCR (BFP-NCR), Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services (PAGASA), Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS), at Philippine Institute of Civil Engineers (PICE) na isang non-government organization.

Saad ni Cruz, "mababawasan ang posibleng bilang ng casualties kung alam ng mga tao ang kanilang dapat gawin sa panahon ng mga sakuna at kalamidad gaya ng lindol, pagbaha, at sunog."

Inayunan naman ito ng alkalde, "Malaking tulong rin kung gagampanan din ng publiko ang kanilang mga tungkulin sa pamamagitan ng pakikibalita, pakikibahagi at pagsunod sa mga alituntunin ng pamahalaan."

"Responsibilidad ng bawat isa ang disaster preparedness," pagtatapos niya.

## Samu't sari

### Imbensyong ValSci bumida sa Vietnam

APAT NA PAGKILALA ANG TINAMO NG MGA MAG-AARAL ng Valenzuela City Science High School, kabilang ang isang gintong medalya, para sa kanikanilang mga imbensyon sa 7th International Exhibition for Young Inventors (IEYI) na ginanap kamakailan sa Viet-Xo Friendship Cultural Palace sa Hanoi, Vietnam.

Naiuwi ni Camille Faye Frias, fourth year, ang medalyang ginto para sa kanyang imbensyong pintura na may halong materyales mula sa busal ng mais para mapigilan ang pagningas ng kahoy.

Si Jorabelle Costales naman ay nakakuha ng silver medal para sa kanyang pamamaraan upang mapabagal ang pagkabulok ng mga produktong karne. Samantala, ang lecture boards na gawa mula sa scrap materials ni Anthony Carpio ay nanalo ng bronze medal at tinanghal pang "Most Creative Project."

Sina Jaime De Vera, Jr. at Juliana Tamayo ang tumayong mga gurong tagapayo.

Ang nakaraang IEYI ay isang taunang pagtatanghal ng International Forum for Invention Promotion na nakabase sa Japan para bigyang daan ang mga makabago at malikhaing ideya ng mga kabataan sa agham at teknolohiya. Tinampukan ito ng may 400 kalahok mula pa sa siyam na bansa.

### 14 guro kinilala sa kahusayan

PINARANGALAN NG DepEd-VALENZUELA at ng pamahalaang lungsod ng Valenzuela ang 14 nitong pinakamahusay na mga guro ng 2011.

Kinilala ng Win na Win Search for Outstanding Teachers noong Enero sa Valenzuela City Auditorium ang mga kawaning humuhubog sa karunungan ng mga kabataan dahil sa taglay nilang "epektibo, makabago at malikhaing pamamaraan sa pagtuturo," ayon kay Dr. Flordeliza Mayari, Superintendent ng DepEd-Valenzuela.

Ang mga pinapurihan para sa elementary category ay sina Erlinda Manalo ng Pio Valenzuela Elementary School (English), Rizza Balcita ng Canumay East Elementary School (Mathematics), Shirley Claridades ng P. R. San Diego Elementary School (Science), Josefina Bartolo ng Malinta Elementary School (Filipino), Clarita Panganiban ng Pasolo Elementary School (HEKASI), Edna Delina ng Canumay West Elementary School (EPP) at Lydia Rojales ng Canumay West Elementary School (MSEP).

Para naman sa secondary category, ginawaran sina Nelia Lavarez ng Canumay National High School (English), Serafin Raymundo II ng Dalandanan National High School (Mathematics), Juliana Tamayo ng Valenzuela City Science High School (Science and Technology), Ma. Lorena dela Cruz ng Polo National High School (Filipino), Edna Lucanas ng Valenzuela City Science High School (Araling Panlipunan), Renato Cruz ng Gen. T. de Leon National High School (TLE), Alfredo Galicia ng Valenzuela National High School (MAPEH) at Erlinda Ongjungco, Education Supervisor retiree ng DCS-Valenzuela.

Sila ay nakatanggap ng insentibong P10,000 at plake ng pagkilala.

### Mga bagong opisyal ng Barangay at SK nanumpa



SK Federation President Cris Feliciano at mga lider kabataan

SA KABILA NG MGA ISYUNG kinakaharap ng Sangguniang Kabataan (SK), matagumpay na naidaos ang panunumpa ng mga halal na opisyal nito sa Valenzuela, kasabay na rin ang mga halal na pamunuan ng lahat ng barangay sa lungsod.


Sa harap ni Sen. Allan Peter Cayetano, bilang panauhing pandangal, at Mayor Sherwin Gatchalian, nanumpang magiging mabuti at epektibong lider sa kanikanilang pamayanan ang may 500 barangay at SK Officials noong Nob. 20 sa Valenzuela City Astrodome.

Ayon kay Mayor WIN, "Ang panunumpa ay katibayan na ang Barangay at SK ay magpapatuloy sa natatangi nitong kakayahang maging ehekutibo, lehislatibo at hudikatura sa kanyang nasasakupan sa kabila ng mga pagsubok."

Hinimok naman ni Senator Cayetano na patunayan sa taumbayan ang kahalagahang ito sa pamamagitan ng malinis at buong-husay na pamumuno.

Nagsimula ang tatlong taong termino ng mga bagong luklok na opisyal noong Dis. 1, 2010.

# Maganda ang bukas dahil sa ALS



A

Nakaturo ang lapis sa papel ni Jun-jun (hindi tunay na pangalan), 15, habang kanyang sinusundan ang takbo ng aralin sa Mathematics sa kanilang klase. Nakapalibot sa mesa ang kanyang mga kamag-aral at buong giliw siyang nagtataas ng kamay sa ilang tanong na bitawan ng kanilang guro. Nakakuha pa sya ng perfect score para sa isang pagsusulit (**larawan A**).

Ang ganitong eksena ay tipikal na nakikita sa loob ng isang paaralan. Subalit, si Jun-jun at ang kanyang mga kaklase ay wala sa loob ng isang klasrum na ating kinagisnan. Sila ay nasa Bahay Kalinga, isang pasilidad ng pamahalaang lungsod ng Valenzuela sa Brgy. Viente Reales na nangangalaga pansamantala ng mga menor de edad na biktima ng pang-aabuso at may paglabag sa batas.

Upang mabigyan sila ng pagkakataong makapagpatuloy ng pag-aaral, nakipagtulungan ang lokal na pamahalaan at Dept. of Education (DepEd)-Valenzuela para maihatid sa kanila ang Alternative Learning System (ALS) na naglalayong maituloy nila ang kanilang pormal na pag-aaral habang nasa poder ng Bahay Kalinga (**larawan B**).

Tinawag nila itong "Abot-Kamay ang Pangarap sa ALS" or AKAP-ALS. Ayon kay Nestor Balicao, ALS mobile teacher na nakatalaga sa institusyon, tuwing Martes at Huwebes kung sila ay magklase ng mula 1PM hanggang 5PM. Mayroon siyang 24 na mag-aaral na nasa iba't ibang antas ng elementarya.

Sa kabilang banda naman, ang karapatan sa edukasyon ay binigyang halaga rin para sa may 60 katao na nakapiit ngayon sa Valenzuela City Jail. "Nagtitiwala kami sa mga kapatid nating inmates na hindi pa huli ang lahat para mabago at mapabuti ang kanilang buhay," lahad ni Kon. Gerry Esplana, Chairman ng Committee on Education ng konseho, nang ilunsad ang naturang programa para sa mga bilanggo ng nakaraang taon.

Sa pamamagitan ng "Kakosa Ko sa Karunungan ang ALS" or KKK sa ALS, bahagi ito ng rehabilitation program ng pamahalaan para sa mga bilanggo upang maihanda silang maging kapaki-pakinabang sa lipunan na may dangal, dignidad at kakayahang tumayo sa sarili sa oras ng kanilang paglaya.

Ayon kay Lei Aries Mayor, guro ng KKK sa ALS, maganda ang disposisyon ng kanyang mga estudyante sapagkat alam nilang meron silang ginagawa na kapaki-pakinabang habang sila ay nasa loob. Dalawa ang "section" ng kanyang buong klase: elementary sa umaga, high school sa hapon. Martes at Huwebes din kung idaos ang pagtuturo sa isang silid sa loob ng city jail (**larawan D at E**).


Isa sa mga masigasig na mag-aaral ng KKK sa ALS ay si Amy Rose (hindi tunay na pangalan), 35, at tanging babae sa section nya. Kanyang sinisikap matapos ang ALS na magiging tulay para pagkalooban s'ya ng high school diploma. Buo ang kumpiyansa niya sa sarili na makakahanap siya ng trabaho at magiging maayos muli ang buhay niya kasama ng kanyang pamilya (**larawan C**).



B



C



D



E











## Mga ambag sa pamayanan, nagpatingkad ng Tree of Hope

Sa muling pag-ilaw ng tradisyunal na "Tree of Hope" ng Lungsod ng Valenzuela ng nagdaang kapaskuhan, naging tanglaw ng selebrasyon ang mga ambag sa pamayanan ng mga Barangay Health Worker (BHWs) at Barangay Population Manager (BPMs) na boluntaryong nagsisilbi sa bayan.

Sa ilalim ng temang "Sama-samang Munting Ambag na Kakayanan, Labis-labis na Aginaldo Para sa Kaunlaran," may humigit-kumulang 2,000 BHWs, BPMs, mga residente at kawani ng pamahalaang lokal ang dumalo sa pag-ilaw.

Naging panauhing pandangal si Sen. Jinggoy Estrada. Nag-alay naman ng ilang awitin ang The CompanY para sa mga dumalo.

Tampok sa disenyo ng Tree of Hope ang isang higanteng parol na may Valenzuela City Seal sa tuktok at bahay kubo sa tabi nito na may larawan ng isang masayang magkakaanak.

## Liham sa Kinauukulan

Inaanyayahan ng ating pahayagang Valenzuela Ngayon na ipahatid ang inyong mga obserbasyon, paglilinaw o mungkahi sa ating mga kinauukulan para sa ikabubuti ng ating lungsod.

Ipadala ang kanilang saloobin sa pamamagitan ng email: **publishing@valenzuela.gov.ph** o kaya i-post sa **Valenzuela City Official Facebook Fanpage** o sa **Official Twitter Account: valenzuelacity**. May karapatan ang publikasyon na i-edit ang mga liham ayon sa haba, linaw at gamit ng lengguwahe.

### Libreng operasyon sa katarata

"Meron bang ino-offer na free cataract operation or assistance sa senior citizen from Valenzuela?" - ***Ionie Cruz Guzman, via Facebook***

*Opo, ang ating Pamahalaang Lungsod ay naglulunsad ng libreng cataract operation sa pamamagitan ng ating Special Projects Office (SPO) na pinamumunuan ni Ms. Dorothy Evangelista. Para sa mga detalye, maaari po ninyong tawagan ang kanilang tanggapan sa numerong 352-1000 local 1828 o 1215 at 293-0991.*

*Mayroon din po tayong "Dalaw ni Dok" home visitation program para sa mga indigent senior citizens. Sa programang ito ay regular na binibisita ng ating mga doktor, physical therapist, at dentista ang mga pasyenteng hirap nang makapunta sa ating health center para makapagpa-check up. Para sa iba pang detalye ukol dito, makipag-ugnayan lamang po sa kanilang barangay health worker, o sa ating City Health office, Dr. Jaime Exconde sa numerong 352-1000 local 1116. -Ed*

### Maayos na tanggapan

"Kahapon ko lang po napasok ang ating bagong city hall . Ako po ay lubhang namangha sa kagandahan nito. Ang ganda din po ng ventilation kasi ang lamig po ng mga rooms. Ang swerte nga po ng mga empleyado natin dahil napaka-conducive for working nung area nila.

"Maganda po sana kung bawat table ay may name ng employee na naka-assign at designation para hindi mahirap maghanap ng empleyado na kakausapin. Sana din po cubicle style at may nakalagay kung anong department, marami po kasing department per room." - ***Jemma L. dela Cruz-Sebello, via Facebook***

*Ang inyong suhestiyon ay amin pong iminungkahi sa City Engineering Office. Gayunpaman, sa kasalukuyan ay inaayos pa po ang bawat opisina at ang mga kwartong nakatalaga sa mga ito. Ang inyong mungkahi ay kasama sa mga plano sa pagtatapos ng naturang gusali. Magtatalaga din po ng kanya-kayang ngalan bawat gusali upang sa gayon ay mas madaling puntahan at tandaan kung saan at ano pa man ang magiging pakay ng mga Valenzuelano. Maraming salamat po sa inyong pagbisita sa ating bagong gusali ng Pamahalaang Lungsod na isa lamang po sa mga produkto ng inyong buwis. -Ed*

### Concerned citizenship

"Sana naman sa napanood ko sa *Failon Ngayon*, may aksyon agad na ginawa ang pamunuan ng Valenzuela City at sana mabawasan po ang mga karahasang nangyayari sa lugar natin. Sana ang mga kapulisan laging nagtatrabaho sa oras ng duty at sana po yung mga simpleng krimen masugpo na rin. Mahal ko ang Valenzuela, kahit tubong-Palawan ako. Kaya sa simpeng bagay nakikiisa rin ako. Salamat po. - ***Jamie Cacal, via Facebook***

*Unang araw na paglabas pa lang po ng nasabing isyu ay agad nang nagpapulong ang ating Punong Lungsod upang matuunan ng pansin at hangga't sa makakakaya ay mabigyan ng agarang aksiyon ang lumalaganap na usapin. Ito po ay hindi pinagwawalang bahala ng ating Pamahalaang Lungsod, bagkus ay agad tinutukan at pinaimbestigahan. Kung kaya't nagbuo ng isang Special Project Team ang ating Pulisiya upang ito ay hustong matutukan.*

*Makatutulong din po na kung ang bawat isa ay magiging alerto at may ibayong pag-iingat sa lahat ng oras. Tungkulin din ng bawat isa sa atin na makipag-ugnayan ng diretso sa tamang awtoridad para sa mga kahina-hinalang mga sitwasyon sa kani-kanilang pamayanan. Magkatuwang ang isang pamahalaang may pananagutan at responsableng mamayan para sa pag-unlad. -Ed*

### Serbisyong BizBilis

"Congratulations sa Valenzuela City Business Permit and License Office sa maganda at mabilis na sistema para ma-process ang aming mga papeles. Hindi na kailangang pumila ng mahaba. Hindi na kailangang mag-akyat baba. Hindi na kailangang magpabalik-balik pa. Just sit and relax. Thanks guys." - *R'lyn Icban, via Facebook*




# Kahalagahan ng pagbabayad ng tamang buwis



**Boses Ninyo sa Kongreso**

**Rep. Rex Gatchalian**
**Unang Distrito, Valenzuela City**

SA IKALABING-LIMA ng Abril ay ang itinakdang huling araw para sa pagbabayad ng buwis ng ating mga kababayan.

Kaya inaanyayahan ko ang lahat ng ating mga mamamayan na naninirahan dito sa lungsod ng Valenzuela na sana ay sumunod sa lahat ng itinatakda ng batas hinggil sa pagbabayad ng buwis.

Base sa pag-aaral na isinagawa ng Bureau of Internal Revenue (BIR) ay tinataya nila na halos limang milyong mamamayan lang sa may 94 milyong populasyon natin sa bansa ang nagbabayad ng taunang income tax returns.

Ayon sa tala ng Dept. of Labor and Employment (DoLE) ay umaabot sa halos 45 milyong katao ang may trabaho sa bansa. Ang ibig sabihin nito ay maliwanag na nasa 41 milyon ang hindi nagbabayad ng kanilang buwis o iyong mga tinatawag na free riders.

Kung totoo ang pigurang ito ay hindi kataka-taka na noong nakaraang taon ay nagtala ang pamahalaan ng P 314.4 bilyon na budget deficit, o kakulangan sa pondo, na halos katumbas na din ng 3.7 porsiyento ng ating gross domestic product (GDP), o ang kabuuang halaga sa merkado ng lahat ng produkto at serbisyong tapos na naibunga sa loob ng ating bansa sa isang taon.

Kaya hinihikayat ko ang lahat na sana ay maging masigasig at matapat sila sa gagawin nilang pagbabayad ng buwis sapagkat mahalaga ito upang maisakatuparan ng pamahalaan ang mga proyekto at programa na kailangan para mas lalong maging maunlad ang buhay ng ating mga mamamayan.

Ang buwis ang siyang dugo na nagbibigay buhay upang tumakbo at maging malusog ang ekonomiya ng ating bansa at kapag masigla ang ekonomiya ay magkakaroon ang gobyerno ng pagkakataon na magpatupad ng mga proyekto na siya namang magbibigay daan upang magkaroon ng ibat-ibang negosyo at trabaho ang ating mga kababayan.

Kapag may trabaho ang mga tao ay tiyak na magiging tahimik din ang mga pamayanan sapagkat walang mag-iisip na gumawa ng krimen dahil sa alam ng bawat isa na mayroon silang mga bahay na matitirahan at pagkaing maihahain sa mesa.

Ang isa pang kahalagahan ng pagbabayad ng buwis ay nagbibigay ito ng daan sa pamahalaan para maghandog ng tinatawag na basic services gaya ng libre subalit may kalidad na edukasyon para sa mga kabataan, murang mga pabahay , libreng mga hospital at gamot at marami pang ibang serbisyo para sa taumbayan.

Kaya nga inaasahan ko na sana dito sa ating lungsod ng Valenzuela ay magiging tapat tayong lahat sa pagbabayad ng buwis upang sa ganoon ay patuloy nating maisulong ang kaunlaran.

valenzuelako
www.valenzuela.gov.ph

| | |
|---|---|
| City Government of Valenzuela | *Publisher* |
| Hon. Sherwin T. Gatchalian | *City Mayor* |
| Ahna F. Mejia | *Public Information Office Department Head* |
| | *** |
| Mark Lester S.Cayabyab | *Editor-in-Chief* |
| Zyan F. Caiña | *Contributing Writers* |
| Ann Melanie E. Dolorito | |
| Michael C. Urieta | |
| Jonathan A. Licuan | *Contributing Photographer* |
| Allan C. Tampadong | *Chief Artist* |
| Jehan DS. Torda | *Online Media Coordinator* |
| Clairidy C. Pinto | *Circulation* |

publishing@valenzuela.gov.ph
Telephone: 352-1000 local 1822
Telefax: 292-9168

Download *Valenzuela Ngayon* in PDF at www.valenzuela.gov.ph/valenzuelangayon

Inilalathala ang *Valenzuela Ngayon* ng Publications Unit ng Public Information Office tuwing ikalawang buwan at may tanggapan sa Public Information Office, Valenzuela City Hall, Mac Arthur Highway, Brgy. Karuhatan, Valenzuela City. May karapatang sipi ang City Government of Valenzuela.



**Ang Konseho**

Kon. Lai Nolasco
Ikalawang Distrito, Valenzuela City

# Kapaligiran ko, sagot ko

ISANG MALAKING HAMON sa inyong lingkod ang pamunuan ang Komite ng Environment. Noong una, pakiwari ko simple lang ito at madali. Hanggang aking mapagtanto na hindi ko kakayaning mag-isa kung hindi ko kasama at hindi kaisa ang bawat mamamayan ng Valenzuela.

Basta ang alam ko ang kaayusan ng kapaligiran ay repleksyon ng pag-uugali ng tao. 'Yan ang aking natutunan noong ako'y estudyante, mababasa natin ang pag-uugali ng isang tao sa kaayusan ng kapaligiran niya, sa loob o labas man ng bahay.

Kaya mga kasama kong Valenzuelano sama-sama po nating ayusin ang ating kapaligiran.

Bilang pagtugon ng inyong lingkod ay naglunsad po kami ng proyektong tree planting sa ating mga piling eskwelahan, kasama po namin ang mga guro at magulang. Itinanim namin ang mga buto ng "atis" sapagkat mabilis po iyong lumaki at makatutulong pang magtaboy ng mga lamok. Iwas Dengue tayo rito. Atin din pong gagawaran at bibigyang gantimpala ang paaralan na may malaking punong naitanim.

Tumulong din po tayo para mapabilis na maipasa ang isang ordinansa na naglalayong pahintuin ang mga negosyanteng nagbebenta ng silver na gumagamit ng nakalalason na "cyanide." Ang kemikal na ito ay naiulat na tinatapon na lamang sa paligid gaya ng sa kanal. Minsan din ay nabalita na may batang nakainom nito dahil sa napagkamalan itong tubig.

Marami pa pong paraan upang maisaayos natin ang ating kapaligiran. Simple lamang po ito mga mahal kong Valenzuelano, isang salita na ating isapuso at gawin. Kailangan po nating lahat na maging disiplinado. "DISIPLINA" ang susi para mapanatili natin ang ating minimithing maayos na kapaligiran. Naniniwala po ako na kayang-kaya natin yan dahil minsan na ring kinampanya at ipinagmalaki ng ating Mayor Sherwin Gatchalian na tayong Valenzuelano ay "DISIPLINADO".

Sama-sama po tayo, ating mahalin, ayusin at linisin ang ating kapaligiran, ito ang magbibigay sa atin ng maaliwalas at maayos na kaisipan at ating mapananatili ang magandang pangangatawan at kalusugan.

## Bigamya

### Usapang Legal

Ni Judge Nancy Rivas-Palmones



ANG BIGAMYA AY ANG PAGPAPAKASAL ng isang tao ng pangalawang beses bago pa man mapawalang bisa ang kasal sa unang asawa o maideklara na ang unang asawa ay patay na.

Ito ay isang krimen na may parusa ng pagkabilanggo mula anim na taon at isang araw hanggang 12 taon. Ang kaso ay inihahain sa Second Level Court (Regional Trial Court).

Ang bigamya ay hindi isang pribadong krimen. Ito ay isang pampublikong krimen na maaaring isampa hindi lamang ng mga taong ikinasal na apektado sa ginawang krimen kundi ng kahit sinumang mamamayan na nakakaalam sa ginawang krimen. Ito ay dahil ang bigamy ay isang krimen laban sa estado at hindi laban sa pribadong tao.

Maraming tao ang nagpapakasal ng pangalawang beses kahit buhay pa ang una nilang asawa o hindi pa napawawalang bisa ang kasal sa unang asawa sa pag-aakalang wala namang makaaalam kung sila ay kasal na o hindi.

Sa mga gustong makasiguro na ang taong kanilang minamahal ay talagang binata o dalaga, meron ng paraan para malaman ito sa pamamagitan ng Certificate of No Marriage (CENOMAR) mula sa National Statistics Office (NSO).

Sa aking karanasan bilang huwes, napapansin ko na sa tuwing ako ay nagkakasal, walang kasamang CENOMAR ang mga dokumento na isinusumite sa akin. Kaya kadalasan, bago ko sinisimulan ang seremonya ng kasal, tinatanong ko muna ang mga ikakasal na kung sila ba ay talagang binata o dalaga, lalong-lalo na kung ang ikakasal ay medyo may edad na.

Tinatanong ko rin sila kung sila ay nagsasabi ng totoo sa harap ng hukuman. Ipinapaliwanag ko sa kanila na mapawawalang bisa ang kanilang kasal kung sila ay kasal pa sa una nilang asawa at ito ay buhay pa, at hindi pa napawawalang bisa ang una nilang kasal at maaari rin silang kasuhan sa hukuman at makulong.

Lahat ng mga tinatanong ko ay nagsasabi na sila ay dalaga at binata. Pero sa aking palagay, hindi sapat ang aking pagtatanong sa mga ikakasal dahil maaaring sila ay nagsisinungaling at wala akong paraan para malaman kung sila ay nagsasabi ng totoo o hindi. Kaya para sa akin mas mabuti pa rin na merong CENOMAR na kalakip sa mga dokumento na ihahain sa huwes o kung sino mang pari o ministro ang mga nagpapakasal.

Kaya iminumungkahi ko sa ating mga Civil Registrar na bago nila bigyan ng lisensya ang mga nagpapakasal ay kinakailangan na magpakita muna ng CENOMAR ang mga aplikante mula sa NSO. Para sa ganoong paraan ay masisigurong "walang sabit" ang kasal at maiiwasan ang pagkakaroon ng kasong bigamy. Ito ay isang paraan na maprotektahan ng estado ang institusyon ng kasal ayon sa ating saligang batas.

*Si Judge Nancy Rivas-Palmones ay nagtapos ng Law sa Far Eastern University noong 1991 at nakapasa sa Bar Exam noong 1992. May 10 taong nanilbihan bilang Assistant City Prosecutor ng Quezon City, siya ay kasalukuyang Hukom ng Regional Trial Court Branch 172 ng Valenzuela City.*

## Disiplina at kalikasan

### Ang Taumbayan

*Ang pitak na ito ay bukas para sa inyong kontribusyon. Ang opinyon na napapaloob dito ay mula lamang sa may-akda at hindi mula sa patnugutan.*

Ni Justin Candado II

"KUNG ANO ANG IYONG ITINANIM ganoon din ang iyong aanihin." Bilang tao, tayo ay mayroong obligasyon sa ating paligid. Sa ating mga kamay nakasalalay ang ikagaganda ng kalikasan at nararapat lamang na atin itong pahalagahan.

Dahil sa mga natural nitong taglay at sipag ng mga naninirahan dito, tinatamasa ng Valenzuela ang pagiging "highly industrialized city." Sa katunayan, sa mga negosyo at industriya nito nanggagaling ang pangunahing kabuhayan ng mga tao rito. Ito rin ang siyang nagdadala sa ating lungsod sa kung ano ito sa kasalukuyan. Malaki ang nagiging ambag nito sa ating buhay maging sa takbo ng ating bansa.

Sa kabilang banda, dapat din nating makita ang bawat epekto ng bawat sanhi. Dahil sa impluwensya ng paglago ng ating industriya at urbanisasyon, hindi maiwasan na maisantabi ang ilang bagay tulad ng ating kalikasan. Noong Sept. 2009, sinalanta ng bagyong Ondoy ang bawat pamayanang dinaanan nito. Kabilang sa mga malubhang naapektuhan ay ang Camanava kung saan nabibilang ang Lungsod ng Valenzuela.

Kung tutuusin, inani lamang natin ang ating itinanim. Ang delubyong dinanas ng marami ay sanhi ng ating mga pagsasawalang bahala at kapabayaan. Sino bang makapag-aakala na ang simpleng plastic ng candy na tinapon, ang simpleng bote ng juice na kinatamarang itapon sa tamang lagayan, ang mga simpleng plastic bag na itinatapon sa ilog, na kung pagsasama-samahin, isang malaking sakit ng ulo na ang dala sa atin. Ang mga basurang ito ang siyang naging sanhi pa ng kamatayan ng ilan at pagkaperhuwisyo ng ating ekonomiya at pamumuhay.

Ang Valenzuela City ay tahanan ng may higit sa kalahating milyong katao. Kung lahat lang ng Valenzuelano ay gagawin ang kani-kaniyang responsibilidad, maaasahan nating mapapabilis ang pagbalik ng sigla ng kalikasan. Mas higit na lilinis ang Tullahan at mga estero. Mawawala na rin ang mga plastic bag na lumulutang sa BBB, ang mga bote ng juice, plastic ng candy at mga plastic bag sa tabi-tabi.

Kunsabagay, hindi pa naman huli ang lahat, kung matututo lang tayo hindi na ulit mangyayari ito. Kung ang Valenzuela ay may disiplina, marapat na atin itong isa buhay.



*Si Justine Candado II ng Brgy. Gen. T. de Leon ay kumukuha ng journalism sa Polytechnic University of the Philippines, Manila.*

## Pagpapahalaga sa kapwa

### Pag-usapan Natin

BILANG BAHAGI NG ATING pagtalakay ng mga usaping panlipunan, ang pitak na ito ay magbibigay puwang upang marinig ang saloobin ng madlang Valenzuelano. Sa harap ng ilang usaping bumagabag sa ating lungsod, ***sa paanong paraan mo naipakikita ang pagmamahal mo't pagpapahalaga sa iyong kapwa higit lalo sa iyong pamilya?***

"Lagi akong full-support sa anumang pangangailangan nila at nagbibigay gabay sa aking limang anak." – *Arlene Maravillon, 42, Brgy. Bignay*

"Kahit hindi maganda ang ugali ng iba, mahal ko pa rin sila. Handa naman akong magbigay sa mga nangangailangan kung mayroon ako. Higit sa lahat, pagkukusang-loob kung alam kong may nangangailangan." - *Ricardo Arriesgado, 71, Brgy. Balangkas*

"Sinisiguro kong nasa tabi nila ako at handang dumamay 'pag may problema sila. Nagbibigay ako ng tulong pinansyal sa aking pamilya bukod sa tinitiyak kong nabibigyan ko rin sila ng sapat na atensyon." – *Michelle Monteiro, 32, Brgy. Malinta*

Dinadamayan ko sila kung may problema. Naglalaan ako ng oras para sa aking mga kapatid. Sa mga magulang ko naman, sinusunod ko ang mga utos nila at iniiwasan kong bigyan sila ng sakit ng ulo o sama ng loob." - *Jocelyn Rivera, 15, Marulas*

"Binibigyang pansin ko ang kanilang mga pangangailangan. Dahil ako'y kapos din naman sa pinansyal, handa naman akong tumulong sa kanilang problema sa abot ng aking makakaya." – *Leonora dela Cruz, 49, Malanday*

"Iginagalang ko ang aking kapwa ano man ang kanyang paniniwala, iba man ang kanyang lahi, estado sa buhay, interes, maging pisikal na anyo, kakayahan at kahinaan." - *Pascual Alcala, 86, Brgy. Dalandanan*

"Para sa akin ang simpleng pagbibigay ng payo kapag nakikita kong nalilihis ng landas ang aking kapwa o kapamilya, naipakikita ko ang pagpapahalaga ko sa kanila." - *Matt John Sy, 23, Brgy. Coloong*

"Naipakikita ko ang pagmamahal ko sa natatanging tao para sa akin nang ako'y magpakasal sa kanya. Binigyan kami ni Lord ng dalawang anak. Sa loob ng walong taon naming pagsasama ay nananatili akong tapat sa kanya at responsableng ina sa aming mga anak." - *Berlinda M. Reyes, 25, Brgy. Karuhatan*

## Alamin, maghanda

# Mga dapat gawin sa banta ng kalamidad

Normal na sa Pilipinas ang paggalaw ng lupa dahil ang bansa ay nasa lugar sa mundo, ang Pacific Rim of Fire, kung saan taun-taon ay nakapagtatala ng mga paglindol. Ilan sa mga ito ay matindi ang pinsalang dala sa buhay at ari-arian.

Sa oras ng sakuna at kalamidad gaya nito, mainam na handa at alam kung ano ang gagawin. **Alamin at ituro** sa mga kasambahay ang earthquake tips na ito mula sa Philippine Red Cross Safety Services and Disaster Management Services.

### BAGO TUMAMA ANG ISANG LINDOL

*Sa tahanan:*

1. Siguraduhing nakatali sa pader ang mga mabibigat na kasangkapang maaaring matumba gaya ng mga cabinet at refrigerator.
2. Ipaayos ang mga bahagi ng bahay na pinamamahayan ng anay.
3. Kung maaari, magagaang na materyales ang gamitin para sa bubong at kisame.
4. Siguraduhing may nakaimbak na mga emergency tool gaya ng flashlight, baterya, radyong de-baterya, pito, kandila, posporo, first-aid kits at iba pa.
5. Alamin kung paano magsagawa ng first-aid assistance para sa mga miyembro ng pamilya.
6. Alamin kung saan nakapwesto ang main switch.
7. Iwasang maglagay ng mabibigat na mga bagay sa matataas na bahagi ng bahay.

*Sa paaralan:*

1. Makipag-ugnayan sa school administration ukol sa prevention and awareness dissemination programs tulad ng earthquake drills para maiwasan ang epekto ng mga ganitong kalamidad sa tao.

### HABANG LUMILINDOL

1. Huwag mataranta o mag-panic. Huwag tumakbo palabas ng isang gusali. Magtago sa ilalim ng mesa o anumang bagay na makakapagprotekta sa sarili mula sa mga nalalaglag na bagay. Lumayo sa mga bintanang de-salamin.
2. Kapag nasa labas ng isang gusali, kalmadong humanap ng isang ligtas na lugar na walang mga poste, puno o dingding na maaaring bumagsak. .
3. Huwag magsindi ng ilaw kung may gas tank na sumisingaw.
4. Gamitin ang hagdan, huwag mag-elevator.
5. Kapag nasa loob ng sasakyan, umiwas sa mga flyover at tulay. Ihinto ang sasakyan sa lugar na malayo sa mga bagay o istrukturang maaaring bumagsak, manatili sa loob ng sasakyan hanggang may dumating na saklolo.
6. Kapag nasa tabing dagat, lumikas sa mataas na lugar, nakapagdudulot ng tsunami ang isang malakas na lindol.
7. Kapag nasa loob ng isang mataong lugar gaya ng sinehan, iwasang magtulakan palabas para makaiwas sa stampede. Manatiling kalmado para makaiwas sa mga bagay na maaaring mahulog o bumagsak.

### PAGKATAPOS NG ISANG LINDOL

1. Inspeksyunin ang sarili at mga kasama, magsagawa ng first-aid kung kinakailangan.
2. Inspeksyunin ang mga linya ng gas at kuryente. Ipaayos agad kung nakitaan ng pinsala.
3. Magsuot ng boots o sapatos, o kahit anong makapagbibigay proteksyon sa paa mula sa mga labi ng guho o pinsala.
4. Inspeksyunin ang mga poste. I-report sa mga kinauukulan kapag may pinsala.
5. Umiwas sa mga lugar na malapit sa dagat. Maaaring manalasa agad ang isang tsunami pagkatapos ng paglindol.
6. Gamitin ang telepono para lamang sa emergency calls.
7. Maghanda para sa mga aftershock. Umiwas sa mga istrukturang maaaring magiba.
8. Sumunod sa emergency plan ng inyong lokal na pamahalan.
9. Kung nais na lumikas, mag-iwan ng mensahe kung saan balak pumunta. Magdala ng emergency kits gaya ng flashlight, kandil, damit, kumot, pagkain at tubig.

**Source: www.prc.org.ph**
**Valenzuela City Rescue Unit**
**Tel. No.: 292-1405**
**Red Cross Valenzuela Chapter**
**Tel. No.: 432-0273**



*Ang prevention and awareness dissemination program tulad nitong fire drill na isinagawa sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela ay mahalaga para sa kapakanan ng mga estudyante at mga empleyado.*



# Katuparan ng mga hiling



Namangha at tuwang-tuwa ang may 4,000 bata mula sa lahat ng day care centers ng lungsod nang saksihan nila ang "Fantasy Dreamland" festival sa Valenzuela Astrodome noong Enero 21, kasabay ng pagdaraos ng ika-32 kaarawan ni First District Rep. Rex Gatchalian.

Tampok sa espesyal na palabas ang mga sikat na karakter ng Disney na binigyang buhay ng Valenzuela City Center for the Performing Arts (VCCPA) gaya nina Simba mula sa "The Lion King," Ariel mula sa "The Little Mermaid," at si Belle mula sa "Beauty and the Beast."

Bahagi ang natatanging produksyon ng tatlong araw na selebrasyong "Munting Pangarap, Kay Cong. REX Matutupad."

Nagpasaya rin ang "REX...Get Set...Todo Na To!" game show sa may 5,000 katao mula sa sektor ng mga tricycle at pedicab driver at operator at mga manininda sa palengke ng dalawang distrito sa Valenzuela City. May 16 na maswerteng kalahok ang nakapag-uwi ng mga papremyong pangkabuhayan gaya ng multi-cabs, tricycles, pedicabs at mga grocery items na pangnegosyo **(larawan A)**. Pinagkalooban din ng renewal para sa accident insurance ang mga driver sa tulong ng "REX Protect: Siguro para sa REXponsableng Driver."

"Mas nanaisin ni Congressman Gatchalian na magpasaya at maglaan ng mga proyekto imbes na siya ang makatanggap," saad ni Uly Aguilar, Chief-of-Staff ng kongresista.

Mas lalong natuwa ang mga dumalo sa padiriwang nang ipagkaloob ang P91.104 million pondo para sa 19 na infrastructure projects sa kanyang distrito **(larawan B)**.

Bawat proyekto ay masusing pinili at pinag-isipan. Ayon pa kay Aguilar, "layon ng mga proyektong ito na palakasin ang mga komunidad at i-enhance ang economic development, hindi lamang ng mga residente ng unang distrito, kundi ng buong lungsod."

Kabilang sa mga proyektong pambayan ay pagsasaayos ng mga kalsada, rehabilitasyon at konstruksyon ng mga multi-purpose hall, pagkumpuni ng mga riprap, at pagpapatayo ng high school building.
















# Hindi malas ang 13

13TH CHARTER DAY
VALENZUELA CITY
"Soaring High Towards More Vibrant Years!"

Kabuhayan, trabaho at mga proyektong pambayan ang bumati sa publiko kasabay ng payak ngunit makabuluhang pagdiriwang ng ika-13 anibersaryo ng Valenzuela City Charter Day noong Peb. 14.

Tinampukan ng isang mega job at trade fair ang taunang selebrasyon ng pagkakahirang bilang isang "highly-urbanized city" ng Valenzuela noong 1998 sa bisa ng Republic Act 8526.

Ayon sa City Public Employment Service Office (PESO), dinagsa ng may 2,867 rehistradong aplikanteang mega job fair na ginanap sa Astrodome. Mayroong 90 kumpanyang ang nag-alok ng mga lokal at overseas na trabaho, nasa 284 aplikante naman ang agad na natanggap **(larawan A-B)**.

Iba't ibang lokal na produkto at serbisyo naman ang ipinakita sa trade fair na sinadya pa ni Dept. of Labor and Employment (DOLE) Usec. Danilo Cruz. Kasabay nito ang livelihood seminar na nagbigay ideya sa mga estudyante at iba pang mga dumalo ng maaaring pagkunan ng mapagkakakitaan gaya ng computer graphics and animation at waterlily handicrafts **(larawan C)**.

Pinangunahan naman ni City Mayor Sherwin Gatchalian ang pagpapasinaya ng makabagong central warehouse na may halagang P39 milyon na nasa compound ng Action Center sa Brgy. Dalandanan. May laking 3,000 square meters, nandito rin ang talyer para sa lahat ng sasakyan ng lokal na pamahalaan **(larawan D)**.

Ang buong compound naman mismo ng Action Center ay sisimulan na ring imodernisa matapos ang groundbreaking sa araw ding iyon. Isang makabagong pasilidad para sa training and development at mga tanggapan ng Action Center units ang itatayo rin dito na may P63.6 milyon budget.

May laking 2.5 ektarya, ang compound at nagsisilbing sentro ng operasyon ng public safety and protection, traffic management, solid waste management, flood control, sewerage management, at transportation.







